# Ang Tinapay Ng Buhay



## Lingguhang Pagkain

Issue 14



> **"Kaya pipili ako ng propetang tulad mo. Sa kanya ko ipasasabi ang ibig kong sabihin sa kanila."**
>
> **Deuteronomio 18:18**

## SUMANGGUNI MUNA KAY YAHWEH

**"Nasabi na noon ng hari sa kanyang mga pinuno: "Alam ninyo na ang Ramot-galaad ay atin. Ngunit wala tayong ginagawang hakbang upang mabawi iyon sa hari ng Siria." Ngayon nama'y si Josafat ang kanyang hinimok. Ang sabi niya: "Samahan mo naman kami sa paglusob sa Ramot-galaad." Sumagot si Josafat: "Kasama mo ako, at dala ko ang aking tauhan, at ang aming mga kabayo at kasangkapan, ngunit sumangguni ka muna kay Yahweh." Ngunit iginiit ni Josafat: "Wala na ba kahit isang propeta ni Yahweh na maari nating pangsanggunian?" (1 Hari 22:3-5, 7)**

Makailang beses mo na bang nasubukang tayahin ang isang mabisang solusyon ngunit pagkatapos ang bunga ay kabiguan pa rin? Masakit, at ang tanong mo'y, 'bakit?' Ang sagot sa iyo ng iba ay, 'hindi mo kapanahunan at wala kang suwerte.' Sa mga taong hindi nananalig sa Diyos maaari nila itong matanggap na dahilan ngunit sa ating mga kristiyano na naniniwala sa salita ng Diyos masasabi natin na may nakalimutan tayong gawin; "Hindi tayo sumagguni kay Yahweh."

Ito'y ibinahagi sa atin ni haring Solomon: **"Isa pang bagay na napansin ko sa daigdig: ang mabilis ay di siyang laging nananalo sa takbuhan, ni ang malakas ay lagging nagwawagi sa digmaan. Ang matatalino'y di lagging nakasusumpong ng kanyang kailangan at di lahat ng marurunong ay yumayaman. Napapansin ko rin na di lahat ng may kakayahan at nagtatagumpay; lahat ay dinaratnan ng malas. Hindi alam ng tao kung kalian ang kayang takdang oras. Siya'y tulad ng isdang nasusukluban ng lambat, at ibong nahuhili sa bitag. Ang tao'y parating nagugulog sa patibong sa biglang pagdatin ng masamang pagkakataon." (Mangagaral 9:11-12)**

Maaring hindi ka sumasang-ayon sa mga nasusulat na ito. Mabilis ka nga ngunit ikaw ay nahuhuli. Malakas ka ngunit ikaw ay nagagapi. Matalino ka ngunit ikaw ay nagugutom. Marunong ka pero mahirap ka pa rin. Marunong ka ngunit wala kang biyayang natatanggap. Sinasabi mo sa iyong sarili na hindi mo pa panahon. Sang-ayon ako sa iyo dahil ang Diyos ay may takdang panahon para sa lahat ng bagay. Subalit, mayroon kang nakakalimutang gawin, ang pagsangguni sa Diyos.

Ang mga talatang pag-aaralan natin ay batay sa buhay ni haring Ahab. Makikita ritong nahulog siya sa bitag. Nagdesisyon siyang makipagtunggali kay haring Aram upang mabawi ang lungsod. Ang sumusunod ay mga isipang umakit at humimok kay haring Ahab sa kanyang pagdesisyon, na magkaminsa'y umaakit din sa atin:

1. ***Karapatan:*** Ibig mabawi ni haring Ahab ang Ramot-galaad. Karapatan nya ito dahil ang lungsod ay pag-aari nila. "**Alam ninyo na ang Ramot-galaad ay atin. Ngunit wala tayong ginagawang hakbang upang mabawi iyon sa hari ng Siria."** Gaya ni haring Ahab ikaw ay gumagawa ng paraan at nagpupunyagi upang mabawi ang iyong karapatan at pribiliheyo.
2. ***Kakampi:*** Sumang-ayon si haring Josafat na tutulong kay haring Ahab. **"Ngayon nama'y si Josafat ang kanyang hinimok. Ang sabi niya: "Samahan mo naman kami sa paglusob sa Ramot-galaad. Sumagot si Josafat: "Kasama mo ako."** Nahihikayat ka bang kumilos dahil mayroon sumasang-ayon sa iyo? Magaan ang iyong pakiramdam at sa isip mo'y mas lalo kang lumalakas at tumatapang dahil mayroon kang kakampi. Ngunit alam mo bang ang pinakamatatag mong kakampi ay ang Diyos kung susunod ka lamang sa Kanyang kalooban?
3. ***Yaman:*** Masagana si haring Ahab, lalo pa't nakatanggap siya ng bonus sa ibang hari, **"Ang tauhan ko'y tauhan mo, mga kabayo ko'y kabayo mo."** Nagmimithi ka ng tagumpay dahil sa akala mo'y sapat na ang iyong kakayahan at yaman. Subalit, hindi ka makapagmamalaki. Dahil ang dakilang Diyos ang lumikha at may-ari sa lahat-lahat.
   A) ***Una, lumapit at hanapin:*** Sa pagbibitiw ng desisyon, ano man ang mayroon ka: pagpapala, karapatan, karunungan, kaalaman at iba pa, paki-usap; isantabi mo ang lahat ng ito at sumangguni ka sa Diyos. Ang pangaral ng Diyos ay nagbubukas ng mga hindi nakikita. Ano man ang kakulangan mo ay masusumpungan mo na lamang sa iyong mga palad bilang pagpapala. Ngunit hindi ka pagpayuhan ng Diyos kung hindi ka lalapit sa Kanya. Dahil ang hindi mo paglapit sa Diyos ay nangangahulugang di ka naniniwala na Siya ay mapagpalang Diyos na nagmamahal sa iyo. O kaya naman ay pinapayuhan ka nan g Diyos ngunit ayaw mong tanggapin. Humanap ka at ikaw'y makakasumpong. **"Sapagkat tumatanggap ang bawat humihingi , nakakasumpong ang bawat humahanap, at binubuksan ang pinto sa bawat kumakatok." (Mateo 7:8)**

   B) ***Ang payo ng Diyos:*** Ang pangaral ay mabuting payo. Sa paghahanap mo ng pangaral ay makakasumpong ka ng karunungan. Ang paghanap mo sa payo ng Diyos ay nagangailangan lamang ng kaunting sikap ngunit nagbubunga ng pawing kabutihan. Ito ay makakapagpabago sa iyong buhay. Magiging kalasag mo para manatili kang ligtas. Minsan, naghahanap ka ng payo ngynit hindi ang sa Diyos. Ito ang ginawa ni haring Ahab, hiningi niya ang payo ng mga bulaang propeta dahil alam niyang sasang-ayon sila sa kanyang sinasabi. Katulad k aba niya? Hihingi ka ng payo sa mga taong alam mong sasang-ayon sa iyo? Sa mga nasa iong pamumuno, o mga taong nag-aantay ng gantimpala buhat sa iyo? Katulad sila ng mga propeta ni haring Ahab: maaring ang iyong asawa, mga kaibigan, anak, empleyado, kamag-anak, kapit-bahay, o taong may utang sa iyo. Mag-ingat sa mga bulaa. Maari ka nilang sang-ayunan sa iyong gusto at bigyan ng maling payo dahil sila mismo ay malayo sa Diyos. Ngunit ang Diyos ay matuwid. DArating Siya't kakausapin ka sa pamamagitang ng Bibliya at mga tao sa iyong paligid. **"Ngunit iginiit ni Josafat: "Wala na ba kahit isang propeta ni Yahweh na maari nating pagsanggunian?" "Mayroon pang isa, si Micaya na anak ni Imla. Ngunit galit ako sa kanya, sapagkat lagi na lamang masama ang hula niya sa akin, wala nang mabuti-buti," sabi ni Ahab. "Huwag kang magsalita ng ganyan kapatid kong hari!" Tutol ni Josafat." (1 Hari 22:7-8).** Hindi pinakinggan ni haring Ahab si Micaya dahil ang sinabi nitong kagustuhan ng Diyos ay hindi pabor sa kanyang pandinig. Sinabi ni Micaya na magagapi siya at mamamatay kung itutuloy ang giyera. Ngunit ang hari ay nanangan sa kanyang karapatan, kakapi at yaman kaya tinanggihan niya ang payo ng Diyos. Sa ikalawang araw ng giyera, nasugatan at namatay ang hari. Ang mga kawal niya ay nagapi.

***Mga minamahal:*** Ako'y nahikayat, ngunit ang Diyos ay matuwid. Ipinadala niya si Micaya para mangusap sa akin. Ang payo niya ay nakakasakit ngunit sumunod ako dahil ito'y galing sa Diyos. Ang propetang si Micaya ay hindi dapat talikuran kahit pa nga siya ay matigas at masakit magsalita. Ang payo niya ay tulad sa isang bagyo ngunt ito'y galing sa Diyos. Kung ikaw ay may desisyong gagawin ngayon, marapat lang na una sa lahat, "sumangguni ka sa Panginoon." Ang mayamang pagpapala ng Panginoong Hesus ang siyang sumainyo!